Pangalan: ___________________________________________________________________

Petsa Nang Nagsimula: _______________ Petsa Nang Natapos: _______________Marka:__________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**

Pagbibigay-katangian Gamit ang Kaantasan ng Pang-uri

**I. Panuto:** Suriin ang katangiang taglay ng tauhan batay sa paraan ng pananalita. Bilugan ang letra ng tamang sagot.

1. "Inoobserbahan kita, anak. Hindi mo hilig ang commerce. Palagay ko, mechanical engineering ang bagay sa iyo."

   a. mausisa b. matulungin
   c. matalino d. mapagmalasakit

2. "Kinalimutan ko na Inay…na nagkaroon ako ng ama!"

   a. suwail b. mayabang
   c. iresponsable d. mapagmalaki

3. "Ngayon, anak…bibigyan kita ng sampung libong piso. Gamitin mo sa paghahanapbuhay…"

   a. mabait b. maunawain
   c. mapagbigay d. mapagkakatiwalaan

4. "Anak…dalawang sapatos lamang ang gagamitin mo sa pasukang ito..."

   a. tamad b. kuripot
   c. matipid d. madamot

5. "Ibig kong matutuhan mo ang lahat ng nangyayari sa buhay na ito. Hindi madali ang mabuhay sa mundo, anak."

   a. makatao b. matatag
   c. maka-Diyos d. mapagkakatiwalaan

**II. Panuto:** Buoin ang tamang kaantasan ng pang-uring nasa loob ng panaklong upang umangkop sa pangungusap.

1. Palamang: (Nais) ________ ng ama na itanim sa isipan ng kaniyang anak ang pakikibaka sa buhay sa pamamagitan ng pagpapalipad ng saranggola kaysa magbigay ng materyal na bagay.

2. Pasukdol: (Bigat) _________ sa damdamin ng isang ama na iparanas ang hirap sa sariling anak upang matutong tumayo sa sariling paa.

3. Lantay: (Lawak) Sana ________ ang iyong pang-unawa sa layunin ng iyong ama sa pangangaral o paghihigpit sa iyo dahil inihahanda ka lamang niya sa iyong magandang kinabukasan.

4. Pasahol: Ang batang di pinag-ukulan ng sapat na atensiyon ng magulang ay (maayos) _________ ang kinabukasan kaysa sa mga anak na lumaki sa pangaral at pagmamahal.

5. Palamang: (Buti) _______ ang anak na pinangangaralan dahil iyon ay tanda ng pagmamahal kaysa sa kinukunsinti ang maling gawi at asal ng anak.